**Mga umiiral at binabalak na hakbangin sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa lahi**

**Mga Opisina ng Punong Kalihim para sa Administrasyon at ang Kalihim ng Pananalapi**

Nagbibigay ng suporta ang Administrasyong Wing (Adm Wing) sa Punong Kalihim para sa Administrasyon at Kaliihim sa Pananalapi sa pamamahala ng mabisang pagganap ng makinarya ng Secretariat ng Pamahalaan. Sa malawak na pagpipilian ng aming mga responsibilidad, nagbibigay kami ng sumusunod na serbisyo -

(i) ang Serbisyo sa Talaan ng Pamahalaan o Government Records Service (GRS) para magbigay ng mga serbisyo para sa pampublikong access sa arkibal na mga tala;

(ii) pagbibigay ng libreng pagpapayong legal tungkol sa mga bagay may kinalaman sa mga pansibikong pamamaraan para sa mga nagsasakdal na walang kinatawan; at

(iii) pamamahala ng mga apila laban sa mga administratibong desisyon o umapila sa mga desisyon ng lupon na napapailalim sa hurisdiksyon ng Administrative Appeals Board (AAP) Ordinance (Cap. 442) at ng Municipal Services Appeals Board (MSAB) Ordinance (Cap. 220).

Nakatakda sa ibaba ang mga hakbang na isinagawa o isasagaa ng Adm Wing para payagan ang pantay-pantay na access sa mga serbisyo sa itaas ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang lahing pinagmulan.

**(i) <u>Acess sa mga arkibal na tala</u>**

| | |
|---|---|
| Mga Kaugnay na Serbisyo | ● Nagbibigay ang Opisina ng Pampublikong Tala o Public Records Office (PRO) ng GRS ng mga serbisyong pagsangguni sa mga miyembro ng publiko kaugnay ng access at pagkopya ng mga arkibal nitong pagmamay-ari at iba pang koleksyon. |
| Mga Umiiral na Hakbangin | ● Para mapadali ang paggamit ng mga serbisyo ng sanggunian ng mga taong may iba't ibang lahi, ginawang available ng PRO ang impormason sa Counter ng mga Serbisyo ng Sanggunian o Reference Services Counter |

para ipaalam sa mga taong may iba't ibang lahi na maaari nilang hanapin ang Sentro para sa Pagkakaisa at Pagpapahusay ng mga Residente na kabilang sa Etnikong Minorya (Centre for Harmony and Enhancement of Ethnic Minority Residents, CHEER) sa ilalim ng Hong Kong Christian Service para magbigay ng serbisyo ng pagsasalin.

| | |
|---|---|
| Pagsusuri ng Gawain sa Hinaharap | ● Kokolektahin ng PRO ang mga feedback at mungkahi mula sa mga user na siyang mga taong may iba't ibang lahi para suriin at paghusayin ang mga serbisyong pagsangguni nito. |
| Mga Karagdagang Hakbang na Isinagawa/Isasagawa | ● Paghuhusayin ng PRO ang kamalayan ng mga kawani nito na nagtatrabaho sa Reference Services Counter tungkol sa pagiging sensitibo sa lahi at pagtitibayin ang mga pansuportang hakbang para sa mga users ng mga serbisyong pagsangguni nito na siyang mga taong may iba't ibang lahat kung kinakailangan. |

**(ii) <u>Pagbibigay ng libreng legal na pagpapayo tungkol sa mga bagay na kaugnay ng mga pansibikong pamamaraan para sa mga nagsasakdal na walang kinatawan</u>**

| | |
|---|---|
| Mga Kaugnay na Serbisyo | ● Ayon sa Panukala ng Legal na Pagpapayo para sa mga Nagsasakdal na Walang Kinatawan kaugnay ng mga Pansibikong Pamamaraan (ang Panukala sa Pangpamaraang Pagpapayo). ibinibigay ang libreng legal na pagpapayo tungkol sa mga bagay na kaugnay ng mga pansibikong pamamaraan sa mga nagsasakdat na walang kinatawan na nagpasimula o mga partido ng legal na paglilitis sa ilang Hukuman (kabilang ang pagsisimula ng mga paglilitis) ngunit hindi kasama ang mga pansibikong paglilitis sa iaba pang tribunal. |
| Mga Umiiral na Hakbangin | ● Available ang polyeto ng impormasyon tungkol sa Panukala sa Pampamaraang Pagpapayo sa mga wikang ginagamit ng mga taong may iba't ibang lahi sa webpage ng Panukala sa Pampamaraang Pagpapayo sa ilalim ng websote ng Adm Wing. Nagbibigay rin ng mga kopya ng mga olyeto sa mga kaugnay na non-governmental |

| | |
|---|---|
| | organisation na pangunahing nakatuon ang serbisyo sa mga taong may iba't ibang lahi sa pamamagitan ng Kagawatan ng mga Domestikong Gawain (Home Affairs Department). |
| | ● Isasaayos ang serbisyo ng pagsasalin kung kinakailangan at naaangkop kapag ang mga user ng libreng legal na pagpapayo ssa ilalim Panukala sa Pampamaraang Pagpapayo, na mga taong may iba't ibang lahi at hindi nakakapagsalita ng wikang Ingles o Chinese, na dumalo sa sesyon ng pagpapayo. |
| Pagsusuri ng Gawain sa Hinaharap | ● Isasaalang-alang ang mga feedback at mungkahi mula sa mga user na mga taong may iba'tibang lahi para sa patuloy na pagpapahusay ng serbisyo sa ilalim ng Panukala sa Pampamaraang Pagpapayo. |
| Mga Karagdagang Hakbang na Isinagawa/Isasagawa | ● Maghahanap ng tulong mula sa mga kaugnay na kagawaran ng Pamahalaan at mga non-governmental organization para itaguyod ang serbisyo sa ilalim ng Panukala sa Pampamaraang Pagpapayo para sa mga taong may iba't ibang lahi na hindi nakakapagsalita ng wikang Ingles o Chinese. |

(iii) **Pamamahala ng mga apila laban sa mga administratibong desisyon o umapila sa mga desisyon ng lupon na napapailalim sa hurisdiksyon ng AAB Ordinance at ng MSAB Ordinance**

| | |
|---|---|
| Mga Kaugnay na Serbisyo | ● Dalawang magkahiwalay na kinatawan ng batas ang AAB at MSAB na nagdidinig at nagdedesisyon ng mga apilang isinumite ng sinumang umaapila alinsunod sa mga probisyon ng AAB Ordinance, MSAB Ordinance at iba pang kaugnay na kautusan. |
| Mga Umiiral na Hakbangin | ● Maaaring isagawa ang pagdinig sa isang apila sa AAB o MSAB sa wikang Chinese, Ingles o parehong wika kung naaangkop sa pananaw ng Lupon. Gayunpaman, maaaring magpahayag ang alinmang partido na umapila o sinumang tao na kumatawan sa pagdinig ng isang apila sa Lupon sa alinmang wika; at maaaring tumestigo ang |

| | |
|---|---|
| | sinumang saksi na nagsisilbing testigo sa harap ng Lupon sa alinmang wika. Kung naaangkop at praktikal, isasaayos ng Secretariat ng AAB o MSAB ang tuloy-tuloy na serbisyo ng pagsasalin para sa pagdinig. |
| | ● Available ang impormasyon sa mga wikang ginagamit ng mgataong may iba't ibang wika sa mga webpage ng AAB at MSAB sa ilalm ng website ng Adm Wing at naka-display sa reception counter ng Appeals Board Secretariat para payagan ang mga taong may iba't ibang laki na maghanap ng tulong ng CHEER sa ilalim ng Hong Kong Christian Service para sa serbisyo ng pagsasalin kapag at kung kailan kailangan. |
| Pagsusuri ng Gawain sa Hinaharap | ● Kokolektahin at isasaalang-alang ng Appeals Board Secretariat ang mga feedback/mungkahi mula sa mga miyembro ng Lupon at mga taong may iba't ibang lahi para sa tuloy-tuloy na pagpapahusay ng serbisyo para sa mga apila sa AAB o MSAB. |
| Mga Karagdagang Hakbang na Isinagawa/Isasagawa | ● Isasaayos na makadalo ang mga kawani ng Appeals Board Secretariat sa mga kurso ng pagsasanay tingkol sa Racial Discrimination Ordinance (Cap. 602) at mga kaugnay na patnubay na naorganisa ng Surian ng Pagsasanay sa Serbisyo Sibil at Pagpapaunlad (Civil Service Training and Development Institute) at Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunities Commission) para paghusayin ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa mga isyung may kaugnayan sa pagkakapantay-pantay ng lahi. |

Para sa mga tanong o feedback, makipag-ugnayan sa Mr KOO Chor-shing Punong Ehekutibong Opisyal (Administration)2 ng Adm Wing -


| | | |
|---|---|---|
| Telepono | : | 2810 2878 |
| Fax | : | 2524 7103 |
| Email | : | admwing@cso.gov.hk |


**Mga Opisina ng Punong Kalihim para sa Administrasyon at ang Kalihim ng Pananalapi**
**Mayo 2023**